# S&P Global ASEAN Manufacturing PMI®

## Naabot ng ASEAN manufacturing PMI ang pinakamataas na naitala

### Pebrero 2026

Pinakamataas na pagbuti sa mga kundisyon sa pagpapatakbo mula noong nagsimula ang serye noong Hulyo 2012

Pinakamabilis na pagdami ng mga bagong order na naitala

Halos pinakamataas na naitalang pagdami ng output

Nanatiling tuloy-tuloy ang pagtaas ng sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN, nang tumaas ang PMI sa pinakamataas na naitala sa survey noong Pebrero. Ang pagtaas ng figure ay dulot ng pinakamataas na naitalang pagdami ng mga bagong order, pati na ng halos pinakamataas na naitalang pagdami ng output. Bilang resulta nito, dinamihan ng mga kumpanya ang kanilang aktibidad sa pagbili at pag-hire, na parehong tumaas sa pinakamabibilis na rate sa kasaysayan ng serye na mula pa noong Hulyo 2012.

Dagdag pa, nakinabang ang mga kumpanya sa mas maiikling oras ng delivery para sa mga input, habang nanatiling mahina sa buong kasaysayan ng survey ang mga pressure sa presyo. Bahagyang humina ang kumpiyansa para sa pananaw sa susunod na taon sa buwang ito, ngunit nanatili pa ring maganda.

Higit pang tumaas ang S&P Global ASEAN Manufacturing Purchasing Managers' Index™ (PMI®) at nagtala ng 53.8 noong Pebrero, mula sa 52.8 noong Enero. Ang pinakabagong reading ay hindi lamang naging senyales ng maigting na pagbuti sa kalusugan ng sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN, kundi ito rin ang pinakamataas na naitala sa kasaysayan ng serye. Nagtala na ngayon ang index ng positibong resulta nang walong sunod-sunod na buwan.

Nagpakita ang data noong Pebrero ng higit pang pagdami ng mga order sa pabrika sa mga manufacturer sa ASEAN, na nagpalawig sa kasalukuyang sunod-sunod na paglago sa pitong buwan. Bukod pa rito, matindi ang rate ng pagtaas at ito ang pinakamabilis mula noong nagsimula ang survey mahigit labintatlo't kahalating taon na ang nakalipas, at nalampasan nito ang dating pinakamataas na naitala noong Oktubre 2021. Bahagi ng pagtaas sa mga kabuuang benta ay nagpakita ng bagong pagtaas sa mga benta sa ibang bansa. Tumaas ang mga bagong order sa export sa unang beses sa loob ng apat na buwan. Ang bilis ng paglago ay katamtaman at pinakamabilis sa loob ng apat na taon.

Dahil sa malalakas na pagpasok ng bagong negosyo at mas matataas na kinakailangan sa produksyon, nahikayat ang mga kumpanya na damihan pa ang kanilang aktibidad sa pagbili at magdagdag pa ng mga tauhan, na nagpalawig sa kasalukuyang tuloy-tuloy na paglago sa pito at anim na buwan, ayon sa pagkakasunod ng pagkakabanggit. Bukod pa rito, ang mga rate

S&P Global ASEAN Manufacturing PMI

Index, sa, >50 = pagbabago mula sa nakaraang buwan




Kinolekta ang data noong Pebrero 4-23.
Pinagkunan: S&P Global PMI. ©2026 S&P Global.

### Komento

Bilang komento sa data ng ASEAN Manufacturing PMI, sinabi ni Maryam Baluch, isang Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence na:

"Patuloy na bumilis ang momentum ng paglago sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN kung saan nagtala ng pinakamataas na naitalang pagbuti sa mga kundisyon sa pagpapatakbo noong Pebrero. Dahil sa matindi at mabilis na pagdami ng mga bagong order, na pinakamabilis sa kasaysayan ng serye, nabigyang-daan ang mga kumpanya na paramihin ang produksyon sa katulad na bilis.

"Bilang resulta, habang dinamihan ng mga kumpanya ang kanilang aktibidad sa pagbili at pag-hire para makatugon sa mga kinakailangan sa produksyon, ang tuloy-tuloy na pagtaas ng mga backlog ay nagpapahiwatig ng higit pang espasyo para sa mga paglago. Dagdag pa, may positibong pananaw ang mga kumpanya tungkol sa mga inaasahang pagdami ng output, dahil nanatili ang tuloy-tuloy na paglago ng index."



© 2026 S&P Global




Pinagkunan: S&P Global PMI. ©2026 S&P Global.




Pinagkunan: S&P Global PMI. ©2026 S&P Global.

ng paglago ay kabilang sa pinakamalalakas sa kasaysayan ng serye. Gayunpaman, tumindi ang mga pressure sa kapasidad, na ipinapakita ng tuloy-tuloy na pagtaas ng nakabinbing trabaho sa loob ng anim na magkakasunod na buwan.

Pagdating sa mga presyo, matindi ang pagtaas ng mga presyo ng input. Kaugnay nito, hindi nagbago sa pangkalahatan ang bilis ng inflation sa buwang ito at nanatili itong mabagal sa buong kasaysayan ng survey. Ganito rin ang kaso para sa mga singil sa output, kung saan naitala ang katamtamang pagtaas.

Sa pagtanaw sa hinaharap, may positibong pananaw ang mga manufacturer sa ASEAN kaugnay ng pagdami ng output sa paparating na 12 buwan. Kaugnay nito, bahagyang bumaba ang antas ng kumpiyansa mula noong Enero at naitala ang pinakamababa sa loob ng tatlong buwan.

## Makipag-ugnayan

Maryam Baluch
Ekonomista
S&P Global Market Intelligence
Telepono +44-12-4432-7213
maryam.baluch@spglobal.com

Eri Amano
APAC Senior Communications Manager
S&P Global Market Intelligence
Tokyo
Telepono +81 (0) 80 3714 7658
S&P Global Market Intelligence
eri.amano@spglobal.com
press.mi@spglobal.com

Kung mas gusto mong hindi na makatanggap ng mga news release mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa press.mi@spglobal.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click dito.

## Metodolohiya

Ang S&P Global ASEAN Manufacturing PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga nagmamanupaktura sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang humigit-kumulang 2,100 nagmamanupaktura. Ang mga bansang ito ang bumubuo sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay nahahati nang ayon sa detalyadong sektor at dami ng empleyado ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey sa ikalawang kalahati ng bawat buwan at nakikita rito ang direksyong tinutungo ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat variable ng survey sa pambansang antas. Ang index ay ang kabuuan ng porsyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang mga index ay maaaring maging 0 hanggang 100, kung saan ang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagbaba. Pana-panahong isinasaayos ang mga index. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagkuha ng weight ng mga index ng bansa. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula nang ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline na figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Trabaho (20%), Mga Tagal ng Paghahatid ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Mga Binili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Mga Tagal ng Paghahatid ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumalaw ito patungo sa direksyong maihahambing sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Para sa karagdagang impormasyon sa metodolohiya ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@spglobal.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

## S&P Global

Ang S&P Global (NYSE: SPGI) ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon. Naghahatid kami sa mga pamahalaan, negosyo at indibidwal ng tamang data, pagkadalubhasa at konektadong teknolohiya para makagawa sila ng mga desisyon nang may kumpiyansa. Mula sa pagtulong sa aming mga customer sa pagtasa sa mga bagong pamumuhunan hanggang sa paggabay sa kanila sa ESG at pag-transition ng enerhiya sa lahat ng supply chain, nagbubukas kami ng mga bagong oportunidad, nagbibigay kami ng solusyon sa mga hamon, at pinapabilis namin ang pag-unlad ng mundo.

Kinukuha kami ng marami sa mga nangungunang organisasyon sa mundo para magbigay ng mga credit rating, benchmark, analytics at workflow solution sa pandaigdigang merkado ng kapital, commodity at sasakyan. Sa bawat isa sa mga iniaalok namin, tinutulungan namin ang mga nangungunang organisasyon sa mundo na magplano na ngayon para sa kinabukasan. www.spglobal.com

## PMI mula sa S&P Global

Available na ngayon ang mga survey ng Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa mahigit 40 bansa at pati na rin sa mga pangunahing rehiyon kabilang ang eurozone. Ang mga ito ay ang mga pinakahigit na binabantayang survey sa negosyo sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, merkado sa pananalapi, at gumagawa ng mga pasya sa negosyo dahil sa kakayahan ng mga itong makapagbigay ng mga napapanahon, tumpak at madalas na natatanging buwanang indicator ng mga trend sa ekonomiya. www.spglobal.com/marketintelligence/en/mi/products/pmi

## Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data na nakasaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global at/o mga affiliate nito. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito, ng anumang lumalabas na data ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("Data") na nakapaloob dito, anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pag-aalis o pagkaantala sa Data, o para sa anumang pagkilos na isinagawa batay sa mga ito. Hindi mananagot ang S&P Global sa anumang pagkakataon para sa anumang pinsalang espesyal, kaugnay o kinahinatnang pinsala, na magreresulta sa paggamit ng Data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga trade mark o nakarehistrong trade mark ng S&P Global Inc o nakalisensya sa S&P Global Inc at/o mga affiliate nito.

Ang Content na ito ay na-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na pinamamahalaan. Ang paggawa ng kopya ng anumang impormasyon, data o materyal, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng kaugnay na panig. Ang naturang panig, mga affiliate at supplier nito ("Mga Provider ng Content") ay hindi nagbibigay ng garantiya ukol sa katumpakan, kasapatan, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagiging available ng anumang Content at hindi ito responsable para sa anumang pagkakamali o pag-aalis (nang dahil sa kapabayaan man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi kailanman mananagot ang mga Provider ng Content para sa anumang pinsala, halaga, gastusin, legal na bayarin, o pagkalugi (kabilang ang naluging kita o nawalang kita at mga opportunity cost) kaugnay ng anumang paggamit ng Content.

PMI by S&P Global